



Ang iyong mga karapatan sa oras na ikaw ay naaresto




Human Rights Commission of the Maldives
National Preventive Mechanism

Sa anong pagkakataon pwedeng arestuhin ang isang tao?

Saligang Batas: Artikulo 46

- Maari lamang arestuhin ang isang tao kung:



Ang taong aaresto ay nasaksihan ang paggawa ng

krimen o kaya may sapat na dahilan o batayan o ebidensiya ng taong arestuhin ay siyang nakagawa ng krimen.

O sa harap niya ay gagawin pa lamang ang isang krimen

Kung ang taong aarestuhin ay sa bias ng isang kaatusan ng pag aresto galling sa hukuman.

Kailan labag ang isang pag aresto o pagdetine?

Saligang Batas: Artikulo 45



- Bawat isa ay may kaarapatan laban sa illegal na pag detine o pagpapakulong maliban lamang sa kautusan ng batas.


Maari bang ikulong ang isang tao na hindi nakatupad sa kanyang kontraktual na obligasyon?

Saligang Batas: Artikulo 55

Walang sinuman ang puwedeng ikulong dahil lamang sa di pagtupad sa kontraktual na obligasyon

Maari bang itrato ang isang tao sa di makataong paraan?

Saligang Batas: Artikulo 54



- Walang sinuman at dapat na makaranas ng kalupitan, di makataong pagtrato o parusa o pagpapahirap

Maari bang ang taong umaresto ay magkaroon ng kapangyarihang siyastin at kumpiskhin ang isang bagay?

Saligang Batas: Artikulo 47



- Walang sinumang tao ang puwedeng makaranas ng pagsisiyasat at pagkumpiska maliban lamang kung may makatuwirang dahilan.
- Ang pag-aaring residential ay hindi dapat labagin, at hindi maaaring pasukin ng walang permiso ng naninirahan, maliban kung ang dahilan ng panghihimasok ay para mahadlangan ang kagyat o seryosong peligro sa buhay o ari-arian, o sa pag-uutos ng Korte.

Kung maaresto o madetine ano ang iyong mga karapatan sa panahong ng pag aresto o pagdetine?

Saligang Batas: Artikulo 48



- Kung maaresto o madetine ano ang iyong mga karapatan sa panahong ng pag aresto o pagdetine?
- Malaman ang dahilan ng pag aresto o pagdetine
- Malaman ang dahilan ng pag-aresto o pagdetine ng nakasulat sa loob ng bente kuwarteras

- Magkaroon ng abogado
- Magkaroon ng abogado sa lalong medaling panahon hangang matapos ang kaso kung saan siya inaresto o ikulong.

Mga impormasyon dapat malaman sa panahon ng pag aresto: Artikulo 18

- Pangalan ng istasyon ng pulisiya kung saan dadalhin ang taong naaresto sa panahong ng pag aresto

Maari bang tanungin ang panagalan ng taong humuhuli?

Mga impormasyon dapat malaman sa panahon ng pag aresto: Artikulo 18



- Maaring malaman ang pangalan, rango o numero ng pulis na umaaresto
- Dapat ipaalam sa in-aaresto ang dahilan ng panghuhuli

Anong mga impormasyon ang maaring kunin ng isang pulis na may hawak sa taong naaresto?

Pangkalahatang regulasyon ng pulisya, kapitolo 4: Artikulo 28



- Personal na impormasyon ng taong inaresto
- Larawan
- Taas bigat,
- bakas ng daliri
- Kung may sugat ang inaresto dapat na itala ito ng siya ay dalhin sa pangangalaga ng pulisiya

Paano dapat tratuhin o makipag ugnayan sa isang detenido?

Saligang Batas: Artikulo 57



- Bawat isa na tinanggalan ng kalayaan sa pamamagitan ng pagaresto sa ilalim ng batas, kaalinsabay sa kautusan ng hukuman, o dahil sa kagustuhan ng Estado ay dapat na itrato ng makatao na may paggalang sa dignidad ng isang tao.
- Ang isang tao ay maaari lamang mawalan ng mga karapatan o kalayaan na tinukoy sa Kabanata na ito kung kinakailangan para sa

layunin na kung saan siya ay tinatangalan ng kanyang kalayaan.



Kung maakusahan sa isang krimen,ano ang aking mga karapatan?

Saligang Batas: Artikulo 51



- Karapatan na malaman sa lalong madaling panahon ang krimen na ibinibintang sa salita na naiintindihan ng akusado.
- Karapatan malitis sa loob makatarungan panahon
- Karapatan na hindi mapilit magpatunay
- Karapatan na magkaroon ng magsasalin na mula sa estado kung ang inaresto hindi alam ang salita pipi o bingi.

- Karapatan na magkaroon ng sapat na panahon at pasilidad para sa paghahanda ng kanyang depensa at karapatan na makausap at mabigyan ng payo ng abogado na kanyang piniling sarili
- Karapatang magkaroon ng abogado na sariling niyang kagustuhan.
- Karapatan makaharap ang nag aakusa
- Kaarapatan na maitrato na inosente hanggang mapatunayan

Kung maaresto may karapatan bang kumuha ng abogado?

Saligang Batas: Artikulo 53

- Bawat isa ay may karapatan ng kumuha ng abogado na magtatanggol sa kanya sa mga seryosong krimen
- Ang AG ay dapat magbigay ng abogado sa akusado lalo na yaong walang kakayahang kumuha ng sariling abogado

Pangkalahatang regulasyon ng pulisya, kapitolo 6: Artikulo 54



- Para maisalang sa katanungan o interrogasyon ang nasasakdal, ang kanyang abugado ay dapat mapasubalian kung saan at anong oras ang pagtatanong o interrogasyon labing dalawang oras bago ang interrogasyon
- Ngunit depende sa lebel ng krimen, ang abugado ay dapat mabigyan ng impormasyon kung saan at anong oras ang interrogasyon sampung oras bago ang interrogasyon

Maari bang parusahan ang isang tao na nakagawa ng isang bagay na hindi labag sa batas?

Saligang Batas: Artikulo 59

- Walang tao ang maaring parusahan sa isang gawa na hindi labag sa Batas ng Islam o shariah
- Walang tao rin ang mapapatawan ng mas matinding parusa kumpara sa kasalukuyang parusa sa panahon na ang krimen ay nagawa
- Kung ang parusa sa isang krimen ay naba-wasan sa panahon nagawa ang krimen at panahon pinataw ang sentesiya, ang akusa-do ay dapat na patawan ng mas mababang parusa.

For more Information:

Human Rights Commission of the Maldives

Ma.Uthuru Vehi, 5th Floor, Keneree Magu, Male'

Tel: 3336539, 3329245, 3344977, 3304013

Fax: 3338658

Toll free Number: 1424

Email: info@hrcm.org.mv

Website: www.hrcm.org.mv